

Makakakuha ng LIBRENG kopya ng Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong, Patakaran sa Pinansyal na Tulong, Buod sa Simpleng Salita, at Patakaran sa Pag-bill at Pagsingil sa wikang Ingles, Espanyol, at iba pang wika na nakakatugon sa mga pamantayang inilalarawan sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong sa pamamagitan ng:

- Pakikipag-ugnayan sa Admission/Registration Department ng Ospital
- Pagtawag sa 281.312.4012 o 281.312.4000, opsyon 5
- Paghingì ng aplikasyon sa pamamagitan ng koreo:  
Attn: Financial Assistance  
300 Kingwood Medical Drive  
Kingwood, TX 77339
- Pag-download ng aplikasyon sa website ng Memorial Hermann Surgical Hospital Kingswood:  
<http://www.memorialhermannkingwood.com/financial-assistance-program/>

### **Memorial Hermann Surgical Hospital Kingwood**

Upang malaman kung kwalipikado ka para sa pinansyal na tulong, sa Medicaid, Medicare, o iba pang programa, at para sa libreng kumpidensyal na tulong sa pag-apply, makipag-ugnayan sa:

#### **Patient Business Services**

Attention: Financial Assistance  
300 Kingwood Medical Drive  
Kingwood, TX 77339

Telepono: 281.312.4012 o  
281.312.4000, opsyon 5

Biyernes: 8 a.m. - 5 p.m.  
Lunes - Huwebes: 8 a.m. - 7 p.m.

Petsa ng Bersyon: Oktubre 01, 2018

## **Buod ng Pinansyal na Tulong sa Pasyente**

Buod sa Simpleng Salita



Nasagutan na Mahahalagang Tanong:

- Ano ang mga sinasaklaw na serbisyo?
- Paano ako mag-a-apply para sa tulong?
- Sino ang kwalipikado para sa tulong?
- Ano ang mga limitasyon sa kita?
- Paano kung hindi ako pasok sa mga limitasyon sa kita?
- Saan ako maaaring kumuha ng aplikasyon para sa pag-apply?

## Patakaran sa Pinansyal na Tulong (Financial Assistance Policy, FAP)

Nag-aalok ang Memorial Hermann Surgical Hospital Kingwood ng pinansyal na tulong sa mga kwalipikadong pasyente batay sa kita, laki ng pamilya, at Antas ng Kahirapan ayon sa Pederal para sa biglaan o medikal na kinakailangang pangangalaga sa ospital na may ilan o buong diskwento. Dapat mag-apply ang mga pasyenteng nangangailangan ng pinansyal na tulong sa naturang programa, na ibinubuod sa dokumentong ito.

### Ano ang Mga Sinasaklaw na Serbisyo?

Sinasaklaw ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong (FAP) ang mga serbisyong pang-emergency at medikal na kinakailangang serbisyo na ibinibigay ng Memorial Hermann Surgical Hospital Kingwood.

HINDI SINASAKLAW ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong ang: mga kosmetikong pamamaraan, ang mga serbisyong ibinibigay ng mga doktor at iba pang provider na gumagamot sa iyo sa Memorial Hermann Surgical Hospital Kingwood ngunit hindi empleyado ng Ospital, o ang mga serbisyo ng mga provider na naniningil nang hiwalay mula sa Ospital para sa kanilang mga serbisyo.

### Paano Mag-apply

Ang Patakaran at Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong ay maaaring makuha nang personal, sa pamamagitan ng koreo, sa pamamagitan ng telepono, at sa website ng Memorial Hermann Surgical Hospital Kingwood. Kumpletuhin ang aplikasyon, isama ang mga hinihiling na dokumento at isumite ito sa Admission/Registration Department ng Ospital o sa address na nakalista sa likod ng brochure na ito.

### Mga Limitasyon sa Kita

Ang isa sa mga salik sa pagiging kwalipikado ay kitang nakabatay sa talahanayan sa ibaba:

MGA ALITUNTUNIN SA KAHIRAPAN PARA SA 2019	
Mga tao sa pamilya/ sambahayan	Kita kada Taon
1	\$12,490
2	\$16,910
3	\$21,330
4	\$25,750
5	\$30,170
6	\$34,590
7	\$39,010
8	\$43,430

Para sa mga pamilya/sambahayan na may mahigit sa 8 miyembro: magdagdag ng \$4,420 para sa bawat karagdagang indibidwal.

### Sino ang Kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong?

Nakadepende ang halaga ng pinansyal na tulong sa iyong kita, sa laki ng iyong pamilya, at sa Antas ng Kahirapan ayon sa Pederal. Ang mga pasyenteng may sambahayang kita na 200% ng Antas ng Kahirapan ayon sa Pederal o mas mababa pa rito ay maaaring maging kwalipikado para sa 100% diskwento. Ang mga pasyenteng may sambahayang kita na mahigit sa 200% ng Antas ng Kahirapan ayon sa Pederal ay maaaring maging kwalipikado para sa diskwento.

Tingnan ang detalyadong impormasyon sa patakaran sa:

<http://memorialhermannkingwood.com/financial-assistance-program>

Para sa pangangalagang pang-emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga, hindi sisingilin ang mga kwalipikadong pasyente ng halagang mas malaki kaysa sa Mga Halagang Karaniwang Sinisingil (Amounts Generally Billed, AGB) sa mga pasyenteng may insurance.

Katanggap-tanggap ang mga sumusunod na uri ng larawang nagbibigay ng pagkakakilanlan bilang patunay ng pagkakakilanlan:

- Lisensya sa pagmamaneho o identification card mula sa Estado
- Identification card ng mag-aaral
- Pasaporte (US o iba pang bansa)
- Dokumentong ng immigration sa U.S.
- Identification card mula sa Foreign Consulate
- Credit card (na may larawan)